

Chapter One



“Kanina pa ba?” humahangos na tanong ni Noel nang pagbuksan ito ng pinto ni Lance sa kanyang condominium unit.

Naroon na sa unit niya ang dalawa pang kaibigang sina Tyrone at Gabe para manood ng NBA game. Championship game kasi kaya tutok na tutok sila.

“Oo, kalahati na ng first quarter,” sagot ng 27-year-old na si Lance del Gallego habang pabalik sa kanyang puwesto sa gitna ng sofa. “Saan ka ba kasi nanggaling?”

“Nagpasama si Gela mag-shopping. Ang tagal mamili, hindi ako maka-split,” reklamo ni Noel habang umuupo sa tabi ni Lance sabay kuha ng canned beer na nakahain sa center table katabi ng pizza at chips.

“Buti nakarating ka pa rito ngayon,” komento ni Tyrone na komportableng nakahilata sa bean bag habang nakapatong sa dibdib ang isang malaking supot ng *Lay’s* chips.

“Sabi ko kailangan ko nang umuwi at may pupuntahan pa kaming dinner ng pamilya ko. ’Ayun, buti naniwala,” tugon ni Noel na tulad ng mga kaibigan ay hindi mapuknat ang mga mata sa

54-inch plasma TV ni Lance.

Tight ang friendship ng apat, mga bata pa lamang ay magkakasama na sila. Unang nagkakilala sina Lance, Noel at Gabe nang maging regular na magkakalaro ng basketball sa loob ng *Bel Air Village* kung saan sila mga residente. Si Tyrone ay napasama sa kanila nang maging kaklase ito ni Gabe noong high school sa *La Salle Greenhills* at ipakilala ito sa tropa. Magmula noon ay nabuo na ang isang matibay na pagsasamahan.

“Tekang lang, parang may nagdo-doorbell,” ani Gabe.

Natigil ang lahat sa kantiyawan at alaskahan. Nang makumpirma nilang may tao nga, napatayo si Lance upang pagbuksan iyon.

Sino ba naman ang istorbong 'to? may pagkairitado niyang naisip dahil malilingat siya sa pinapanood.

“So nandito ka lang pala,” nagtitimping bungad ng nobyang si Kiara nang buksan niya ang pinto.

“O, Sweetie, what’s wrong?” inosente niyang tanong na hindi maintindihan kung ano ang ikinauusok ng ilong nito.

“What’s wrong?” sarkastiko nitong balik. “Mahigit isang oras lang naman akong naghintay sa’yo sa restaurant, Lance!”

Saka naalala ni Lance ang tungkol sa kanilang date. “Oh, shit! We’re supposed to meet nga pala,”

napapalo sa noong nasabi niya. “I’m really sorry. It slipped my mind...”

“Ganyan ka naman talaga, eh. Kapag kasama mo ’tong mga kaibigan mo, nakakalimutan mo kahit ang girlfriend mo.” Sinadyang iparinig iyon ni Kiara sa mga kaibigan ni Lance.

“Ah, eh... Pare, tutuloy na kami,” paalam ni Gabe.

“Oo nga, hinahanap na rin kasi ako ng mommy ko, eh,” segunda ni Tyrone, ang mama’s boy ng grupo.

“Look what you’ve done! Nakakahiya tuloy sa mga kaibigan ko!” hindi napigilang ikomento ni Lance matapos lumisan ang tatlo.

“Sa mga kaibigan mo nahihiya ka, pero sa akin na girlfriend mo, wala kang pakialam!” ganti ni Kiara. “Alam mo, Lance, punung-puno na ako. I’m sick and tired of always having to be last in your priorities. Sawang-sawa na ako sa pagpapakamartir ko para sa ’yo. For three years, tiniis ko ang mga pambababae mo, pinilit kong intindihin ang pagiging immature mo. At hindi ko na rin kayang maghintay sa proposal na hindi naman yata darating mula sa ’yo!”

“Proposal? You wanna get married?” balik ni Lance sa tono na para bang nandidiri sa konseptong iyon.

“At ano’ng masama sa kagustuhan kong

maikasal? Aba, Lance, twenty-seven na ako. All my friends are either getting married or engaged!”

“Pabayaang mo silang magpakasal. Ang mahalaga masaya tayo the way we are right now,” saad ng binata na malayung-malayo sa isip ang pagpapakasal.

“Baka ikaw masaya, pero ako hindi na,” prangkang sabi nito. “Tama si Tisha, I deserve better than you—someone who knows how to value me, one who’d act his age. Hindi katulad mo, beinte-siete años na pero kung makaasta akala mo teenager pa rin!”

“Teka nga—at sino ba ’tong Tisha na ’to na kung makapagsalita akala mo kilalang-kilala niya ako?” demand niya na hindi matanggap ang mga narinig.

“Tisha is an expert sa love and relationships. She has a regular column sa *Philippine Daily Express* and I consulted her about you, about our relationship. And she’s right, wala tayong patutunguhan.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ang dalaga at tinungo ang direksyon ng pinto.

“But, Kiara, how could you take a stranger’s advice as gospel truth? Ni hindi nga niya tayo personal na kilala. All she knows about us and our relationship are the things you said. Ni hindi nga niya alam ang tungkol sa pagmamahal ko para sa ’yo!” protesta ni Lance habang nakasunod sa

likuran ng dalaga.

Bago tuluyang lumabas ng pintuan ay muli siya nitong nilingon. “Talaga? Mahal mo ’ko? Bakit hindi ko maramdaman, Lance?” Pagkasabi niyon ay tuluyan na rin siyang nilisan nito.

Hindi makapaniwala ang binata na ang babaeng naging bahagi ng kanyang buhay sa loob ng tatlong taon ay basta na lamang siya iniwan nang dahil lamang sa payo ng isang Tisha na wala namang kinalaman sa kanilang buhay.



“Don’t you think you’re becoming too harsh on men? Napapansin ko kasi sa mga payo na ibinibigay mo sa column mo na para bang pabagsik ka nang pabagsik sa mga lalaki. Napakataas ng standards mo,” komento ni Kat sa kaibigang kolumnista na si Tisha Arnaldo nang mag-dinner sila kasama ang isa pang kaibigan na si Yna sa isang Spanish restaurant.

“Hindi naman sa ganoon. Gusto ko lang ibahagi sa mga babae that we deserve the best. Hindi natin kailangang magtiyaga sa isang walang kuwentang lalaki para lang hindi tayo mag-isa sa buhay,” pagtatanggol ni Tisha sa paniniwala. “Tulad na lang n’ung isang sumulat sa akin, her name’s Kiara. She’s been with this guy for three years. She endured his faithlessness, ’yung pag-uuna nito sa mga barkada kaysa sa kanya. ’Tapos wala pang trabaho ’yung

guy considering na twenty-seven years old na ito. He just lives off his rich family and spends his day bumming around—”

“Yeah, I read about that yesterday,” pagsingit ni Yna matapos sumubo ng *paella*. “Ang sabi n’ung Kiara, nagbulag-bulagan siya dahil mahal nga niya ’yung guy. She was hoping that her love would change him but it seems there’s no hope of that happening tulad na lang ng wedding proposal na matagal na niyang hinihintay.”

“Yan! That’s the biggest misconception ng mga babae, na magagawang baguhin ng kanilang pag-ibig ang isang lalaki,” point out ni Tisha. Mag-apat na taon na ring kolumnista ang 25-year-old Psychology graduate sa pahayagang *Philippine Daily Express*. Nagbibigay siya roon ng payo sa mga taong may suliranin sa pag-ibig.

“Bakit? Puwede namang mangyari ’yon, ah. Like with Timothy and me. Hindi ba when we first started out halos lahat na yata ng bisyo nasa kanya—alcohol, drugs, gambling. Pero nagtiyaga ako sa kanya, I showered him with love and affection and he did change,” paglalahad ni Kat, ang pinaka-hopeless romantic sa tatlo.

“Oo nga, natigil siya sa alak, drugs at sugal. Pero pambababae naman ang ipinalit niya, di ba?” paalala ni Tisha sa naging dahilan ng breakup ni Kat kay Tim. “You see, I want women to

understand na hindi natin kailangang magtiyaga sa mga damaged men. We don't have to go through all those sufferings and heartaches. Kailangan lang nating maging wise sa pagpili sa mga lalaki.”

“Hindi naman kasi lahat ng babae ay tulad mo na nabiyayaang makakilala ng isang perfect man,” diin ni Yna na ang tinutukoy ay ang boyfriend ni Tisha for three years na si Vice Mayor Ross Martinez.

“Oo nga. Ano bang kabutihan ang ginawa mo noong past life mo at ganito na lang kaganda ang karma mo ngayon?” gatong ni Kat na matagal nang nagdarasal para sa lalaking nararapat para sa sarili.

“Hindi ko nga rin alam, eh. Basta, thankful ako kay God dahil ibinigay niya sa akin ang isang katulad ni Ross na perpektong-perpekto para sa akin. He's everything I've been looking for—faithful, loving. Most of all, he makes me feel secure,” kontentong pahayag ni Tisha.

“So, kelan na ba ang kasal?” tanong ni Yna.

“I don't know, hindi rin naman ako nagmamadali, eh,” sagot niya.



“Nand'yan na,” nakapikit pang sabi ni Lance. Bumangon siya mula sa kama at nagtungo sa pinto.

Sunud-sunod na pagtunog ng doorbell ang gumising sa kanya. It was already eleven in the morning, pero karaniwan ay two pm pa siya

gumigising.

“O, Noel, ikaw pala. What’s up?” wala pang lakas niyang tanong sa kaibigan nang pagbuksan ito ng pinto.

“Pare, hindi ba sa *Philippine Daily Express* nagtatrabaho si Monica?” tukoy nito sa kanyang nakababatang kapatid.

“Oo, bakit?” kumpirma niya. Sumunod ito sa kanya patungo sa kusina.

“Meron kasi silang columnist doon na nagbibigay ng advice tungkol sa love and relationships. Sumulat pala si Gela d’un sa Tisha at ang payo sa kanya, hindi raw kami compatible sa isa’t isa. Hayun, hiniwalayan tuloy ako,” nanlulumo nitong sabi habang papaupo sa silya sa dining area. Matagal na rin nitong karelasyon si Gela.

“Ikaw rin nabiktima ng Tisha na ’yon?” balik ni Lance. Naupo siya sa tapat ni Noel.

“Bakit? Hiniwalayan ka rin ni Kiara dahil sa advice ng babaeng ’yon?”

“Oo, kagabi nang manggaling siya rito,” pagkumpirma niya. “Apparently, pinayuhan siya n’ung Tisha na she deserves better than me. Someone who will value her and act grown up,” gigil niyang sabi.

“Parang ganyan rin ’yung advice niya kay Gela, eh. Kailangan raw niya, eh, isang lalaking mature at stable na hindi katulad ko na trapped pa sa

teenage years ko,” saad nito. “Tanong mo naman kay Monica kung kilala niya ang Tisha na ’yun nang masugod na natin at mapagbayad sa pagsira niya sa mga relasyon natin!”

“Huwag kang mag-alala, Pare, hinding-hindi ako titigil hangga’t hindi natin napagbabayad ang Tisha na ’yan!” sumpa ni Lance.



“Talaga po, Ma’am? Balak na nilang gawing daily ang column ko?” di-makapaniwalang nasabi ni Tisha nang tawagan siya ni Dara de Jesus, ang Features Editor nila, sa desk phone niya.

“Oo, Hija, ’yan ang sinabi sa akin ng Editor-in-Chief sa meeting namin kanina. Malaki raw kasi ang naging contribution ng advice column mo sa sales ng ating diyaryo,” masayang balita ng may forty-something na ring manunulat. “Dumaan ka na lang dito sa office ko in an hour para ma-discuss natin at length.”

“Sige, Ma’am, I’ll be there,” tuwang sabi niya.



Tila lahat ng babaeng madapuan ng tingin ni Lance habang papasok siya sa building ng *Philippine Daily Express* ay tinatapunan siya ng matamis na ngiti. Hindi naman niya binigo ang mga ito. Isinukli niya ang kanyang cool and suave smile. Teenager pa lang siya ay lapitin na siya ng mga babae, lalo na noong aktibo pa siya sa

paglalaro ng tennis.

“Oh, I’m sorry. You go ahead please,” pagpapaubaya niya sa babaeng nakasabay pagpasok sa elevator.

“Thank you,” gracious na sagot nito.

Pumuwesto siya sa likuran, at nagkaroon siya ng pagkakataong masipat ito nang maigi. Nakasuot ito ng pares na powder blue blazer at skirt. Seryoso at professional ang dating nito sa kanya.

Mukhang kulang sa kaligayahan, naisip ni Lance. She looks so uptight, ang tigas ng leeg at mukhang de numero kung kumilos. But she is indeed very pretty...

She possessed a classical beauty with her perfectly arched eyebrows, deep-set brown eyes, high aquiline nose, prominent cheekbones and full red lips.

Parehong sa third floor sila bumaba ngunit pagpasok sa entrance ng publication ay kumanan ang babae. Noong una nga ay natukso pa siyang sundan ito but he reminded himself to stay focused.

You need to find that Tisha, paalala niya sa sarili at kumaliwa na sa hilera ng cubicles ng mga writers.

“So how’s my pretty sister doing?” tanong niya sa tapat ni Monica na kunot-noong nagta-type sa harap ng computer nito.

“Kuya? What are you doing here?” puno ng

pagtataakang tanong ng dalawampu't apat na taong gulang na nag-iisang kapatid ni Lance.

“Wala lang, I was in the area so I thought I'd drop by para kumustahin ka,” excuse niya.

“I'm... okay,” sagot naman nito na pinakikiramdaman kung ano ba talaga ang sadya ng kapatid.

“Uhm... hindi ba itong newspaper ninyo 'yung may advice column na *Ask Tisha*?” kaswal na niyang paglalabas ng pakay.

“Oo. Bakit mo naman naitanong?”

“Wala lang, sinusubaybayan kasi ni Kiara at n'ung girlfriend ni Noel 'yung column, so na-curious ako. Sino ba talaga ang Tisha na 'to?” alibi niya. “Kilala mo ba siya?” pasimple niyang tanong, ikinukubli ang eagerness na makaharap at maturuan ng leksyon ang babaeng dahilan ng pakikipaghiwalay sa kanya ni Kiara.

“Oo, as a matter of fact, that's her.” Itinuro nito ang babaeng naglalakad patungo sa kanilang direksyon.

Nagulat si Lance nang makita ang babaeng nakasabay sa elevator kanina.

Hindi niya alam kung para saan ang panghihinayang na kanyang naramdaman. Siguro dahil sobrang nagandahan siya rito kanina. Ngayon ay unti-unti na iyong napapalitan ng inis.

Mukhang sobrang taas ng tingin sa sarili. Sino

siya para magsabing hindi kami pasado ni Noel sa standards niya?

“Hi, Monica,” bati ni Tisha nang mapadaan sa harap ng cubicle ng kapatid niya.

Inantala ito ni Monica. “Hello, Tish. By the way, this is my older brother, Lance,” pagpapakilala nito.

“Gan’un ba? Nagkasabay kami kanina sa elevator,” anito, sabay lahad ng kamay. “It’s nice to meet you, Lance.”

Tinanggap ni Lance ang pakikipagkamay nito. “It’s nice to meet you, too, Tisha,” balik niya na biglang nakaisip ng mas magandang paraan para makabawi rito.

“Hoy, Kuya, baka tumulo ang laway mo, ha!” sabi ni Monica nang mapansing hindi mapuknat ang pagtitig niya sa papalayong kolumnista.

He simply smiled, trying to hide the evil thoughts running through his head.

Humanda-handa ka na, Tisha, dahil sisiguraduhin kong pagsisisihan mo ang ginawa mo sa amin ni Noel at sa iba pang lalaking nawalan ng nobya dahil sa reckless advices mo. Nagkamali ka ng binangga mo, Tisha.



Chapter Two



“Oh, darling, how are you? I missed you so much,” salubong kay Tisha ng inang si Gina.

Mahigit tatlong buwan na rin silang hindi nagkikita. Sabado ngayon at naisip niyang bisitahin ang ina at mga kapatid sa bahay nila sa Pasig.

“I’m fine, Mom,” tipid niyang sagot.

Nagkatampuhan sila dahil sa pagpasok nito sa isang relasyon with a guy almost half her mother’s age.

Sixteen years old si Tisha nang maghiwalay ang mga magulang, panganay siya sa kanilang magkakapatid. Iniwan sila ng kanyang ama para sumama sa ibang babae. Malaki ang naging impact niyon sa dalaga. Lumaki siya na nasaksihan ang pagiging babaero nito, ang kapabayaang nito sa kanila—hindi ito naging ama at tagapagtaguyod. Siguro dahil doon kaya nabuo ang kanyang paninindigan na sakaling makikipag-ugnayan sa isang lalaki ay hinding-hindi siya hahanap ng katulad ng ama.

“Tamang-tama ang dating mo katatapos ko lang lutuin ’yung mechado. I miss you so much I cooked your favorite food. It makes me feel kasi as if you’re just around,” anang ina habang naghahain

sa dining table. “Pero hindi ko na kailangang magkunwari ngayon dahil nandito ka na talaga sa tabi ko.”

Although she was touched by her mom’s affection, natutunugan ni Tisha na may mas malalim pang dahilan sa kalungkutan ng ina. “So kumusta na kayo ni Paulo?”

“You were right, walang kuwentang tao si Paulo,” napayukong sagot ni Gina who’s like an older version of her eldest daughter. They had the same good looks, statuesque frame and svelte figure. “I caught him with another woman, kaedad niya.”

“I told you so. Sa hitsura pa lang ng lalaking ’yon, mukhang wala nang gagawing matino, eh. He’s only after your money!” diin niya na nakahinga na rin nang maluwa at nawala na ang inaayawang lalaki sa buhay ng ina.

Mayaman kasi ang mga magulang ni Gina. Sa katunayan, ang maternal grandparents ang nagpaaral at bumuhay sa kanilang magkakapatid matapos silang hindi suportahan ng ama. Ang kita nito bilang car salesman ay hindi pa sapat para suportahan ang mga bisyo at pambababae. Nang mamatay ang lolo’t lola niya ay malaki ang minana ng kanyang ina na nauubos din lang sa mga lalaking nananamantala rito.

“He really broke my heart. I loved him so

much..." Umiyak na ito habang paupo sila sa dining area.

"Ikaw naman kasi, Mommy, ang hilig-hilig mong ibinibigay 'yang puso mo sa bawat lalaking dumarating sa buhay mo. Buti sana kung worthy ang mga 'yon, eh, mga wala naman silang kuwenta!" hindi mapigilang paninisi ni Tisha.

Hindi na bago ang ganitong eksena. Kung minsan nga naiisip niya, mas madali yata kung nagkapalit na lang sila, kung siya na lang ang naging ina at ito ang naging anak.

"Dapat ang mga pinipili mong boyfriend ay 'yung ka-age mo, 'yung mature and dignified. Hindi 'yung mga bata na puwede mo nang maging anak!"

"Ayoko ng ka-age ko, ayoko ng mature at dignified, they're no fun!" protesta ng ina.

"Hanggang ngayon ba naman, Mommy, naghahanap ka pa ng fun sa buhay mo?" napapailing na lamang na nasabi ni Tisha.

"Naku sabi na nga ba nandito si Mommy, este, si Ate pala!" Sumulpot ang sumunod niyang kapatid na si Ryan, apat na taon ang tanda niya rito.

Ito ang napagbalingan ni Tisha. "O, ikaw, pasaway ka pa rin ba? Baka puro 'yung girlfriend mo ang inaatupag mo ha at hindi ka na nakakapag-aral nang mabuti!"

"Don't worry, Ate. I know how to balance school and having fun," assure nito sa kanya.

Communication Arts ang course nito sa *La Salle*.

“Naku, siguraduhin mo lang dahil ikaw rin ang magsisisi kung hindi ka makakapagtapos,” babala niya, at napansing nawawala ang bunsong kapatid. “Nasaan si Regine?”

“I’m here, Ate!” anito habang bumababa ng hagdan. “Na-miss mo na ba ako?”

“Naka-makeup ka ba?” tanong niya nang mapunang tila namumula ang pisngi’t labi nito at naka-eyeshadow pa. “May pupuntahan ka?”

“Wala, I just tried ’yung bagong makeup na binili ko. Bagay ba sa akin, Ate?” Nag-pose pa nito sa kanyang harapan na parang isang model.

“Ang bata-bata mo pa, pagme-makeup na ang inaatupag mo!” balik niya rito na hindi maintindihan kung ano na ba ang nangyayari sa pamilya at wala sa mga ito ang magawang magseryoso sa kanilang buhay.

“Ano bang bata? Ate, baka nakakalimutan mo, eighteen na ako,” paalala ni Regine. “At saka puwede ba, huwag ka ngang OA d’yan, kung si Mommy nga hindi pinapansin ang pagme-makeup ko, eh!”

“Paano ka ba naman magagawang pansinin pa ni Mommy, kung sarili nga niyang lovelife hindi na niya ma-handle?” balik niya habang nagsasalin ng kanin sa plato.

“Let’s not talk about my lovelife please,”

pakiusap ni Gina. “Bakit hindi mo kasama si Ross?”

“Marami siyang inaasikaso sa munisipyo kaya hindi na siya nakasama. Pero gusto sana niya,” paliwanag ni Tisha ukol sa boyfriend.

“Ate, kelan ba ang kasal ninyo?” tanong ni Regine na excited nang maging bridesmaid.

“Ewan ko, hindi pa namin napag-uusapan ’yan.”

“Paano kung sorpresahin ka na lang ni Ross one day with a proposal, tatanggapin mo ba?” tanong ng ina.

“Siyempre naman po, I can’t see myself marrying anybody else but him,” walang pag-aalinlangan niyang sagot.

“Dapat lang talagang tanggapin mo na dahil kung tatanggihan mo pa si Kuya Ross, baka mamaya maging matandang dalaga ka na. ’Cause I don’t think may iba pang guy na maglalakas-loob na lumigaw sa ’yo. Masyado ka kasing mabagsik!” biro ni Ryan.

“Hindi ako mabagsik. I just use my brain when it comes to relationships. At tingnan mo naman, wala akong pinagsisisihan ngayon, no pains, no misery, no heartache. It’s all because I made an intelligent choice with Ross,” pagtatanggol niya sa sarili.

“Okay, fine! Wala namang mananalò sa pakikipag-argue sa ’yo, Ate,” pagsuko ni Ryan.

Kahit pa naisara na ang topic ay hindi pa rin

maglaho ang frustration ni Tisha.

Bakit ba walang makaintindi sa akin? Why can't people fall in love using their minds? Hindi ba nila makita ang kabutihang maidudulot niyon sa kanilang buhay?



“Ang ibig mong sabihin, plano mong paibigin ang Tisha na 'to at sa bandang huli ay iiwan mo?” Napatigil sa nilalaro nitong game sa PS2 si Noel at napatitig kay Lance.

Sabado ng tanghali, nasa pad ni Noel si Lance upang ibahagi ang kanyang revenge plan against the columnist. As usual, naabutan niyang nakaharap sa TV si Noel at nagge-games. Sa kanilang magbabarkada, silang dalawa ang parehong laid-back ang lifestyle, parehong walang trabaho. Si Gabe ay bar owner at si Tyrone ay systems analyst sa isang malaking kompanya.

“Yup, that's exactly what I intend to do,” sagot ni Lance, an evil smile painted on his face.

“Pero hindi ba ang balak lang natin ay komprontahin si Tisha at ipamukha sa kanya ang pagkakamali niya sa pag-a-advise sa mga girlfriends natin na iwan tayo?”

“I don't think she's the type na tatanggap ng pagkakamali, lalo na kung basta na lamang natin siyang kokomprontahin. By making her fall for me then leaving her in the end, mararamdaman

niya first-hand kung gaano kasakit ang iwan ng minamahal. Hindi ba perfect revenge 'yon?" proud na lahad ni Lance, humilata pa sa bean bag.

"Yeah, perfect nga," pagsang-ayon ni Noel. "How does she look like? Siguro maganda siya at naisip mo pang paglaruan siya?"

"Well, objectively speaking... she really is beautiful. Elegant, sophisticated, a real lady."

"Teka nga muna, hindi kaya ma-in love ka talaga sa kanya niyan? Sa pagkaka-describe mo kasi she seems like a knockout, like it's impossible for any man not to fall for her," ani Noel.

"Kahit gaano pa siya kaganda hindi ko pa rin nakakalimutan 'yung ginawa niya sa ating dalawa," saad niya. "At saka isa pa, at the end of all this, plano kong suyuin ulit si Kiara. Ngayon ko na-realize when she's gone how important she is to me."

"Pareho tayo, sinisimulan ko na ngang suyuin si Gela, eh, kaso nagmamatigas pa. But I know eventually with patience mapapalambot ko rin siya," confident na sabi ni Noel. "Pero ngayon mag-focus na lang muna tayo kay Tisha."

"Yeah, I'll make sure pagbabayaran niya ang ginawa niya sa ating dalawa."



"Ano ba ang gagawin ko sa pamilya ko?"
himutok ni Tisha sa nobyo matapos ilahad dito ang

nangyari noong bumisita siya sa kanila.

“Just let them lead their own lives. Hayaan mo silang magkamali, madapa at pulutin ang mga sarili nila. Mas matututo sila sa ganoong paraan,” payo ni Ross matapos uminom ng red wine.

“Bakit ba hindi na lang nila magawang piliin kung ano ’yung tama, di ba?” patuloy pa niya, nai-stress na naman.

“Hindi kasi lahat ng tao ay kasing-smart, sensible at in-control mo. Some people are just way too emotional, even illogical to choose to do the right things,” paliwanag ng nobyo. “Tell you what, why don’t you just forget them for a while and focus on *us*?” May inilabas ito mula sa bulsa.

At the mere sight of the small, blue, velvety box ay biglang nakaramdam ng pagbilis ng tibok ng puso si Tisha.

Totoo ba ito? Ito na ba ang araw na magpo-propose siya sa akin? Nanlaki ang mga mata niya nang lumuhod si Ross sa kanyang harapan.

“Will you make me the happiest man in the world by spending the rest of your life with me?” umaasang tanong ng nobyo habang iniharap sa kanya ang princess cut diamond engagement ring.

Hindi ine-expect ni Tisha na magiging pang-eksena sa isang romantic movie ang kanyang engagement proposal but she definitely loved it.

“Of course, I’d love to spend the rest of my life

with you,” walang pag-aalinlangan niyang sagot.

Matapos isuot ni Ross ang singsing sa kanyang daliri ay tumayo silang pareho at nakatanggap ng palakpakan mula sa mga taong naging saksi sa panandaliang eksena na kanilang nilikha.

“Ngayon ko naramdaman ’yung sinasabi nilang pinagpapawisan nang malamig. Ganito pala ang feeling n’on,” banggit ng binata nang bumalik sa upuan nito.

“Bakit? Natakot ka ba na ire-reject kita?”

“Siyempre, hindi mo pa rin maiaalis sa akin ang matakot sa ganitong sitwasyon. This is an entirely different chapter in our lives that we’ll be entering,” pag-amin nito.

“Which I am absolutely delighted to share with you,” pag-a-assure ni Tisha sabay pisil sa kamay ng ngayon ay fiancé na niya.



“Aba, himala ito, ano’ng naisip mo’t dumalaw ka rito?” puno ng pagkasorpresang saad ni Mrs. Alicia del Gallego nang biglang sumulpot ang panganay sa kanilang Sunday lunch.

“Himala talaga, Mommy. Biruin mo, nagawang gumising ni Kuya before lunch time,” panggagatong ni Monica na nakapuwesto na sa dining table kasama ang mga magulang.

Samantala, umupo na rin si Lance sa tapat ni Monica. “I just really miss my family kaya ako

nandito ngayon.”

“So pumasok na rin ba sa isip mo na magbanat ng buto?” anang ina. “May binubuksan akong bagong negosyo ngayon, we’re planning to sell computer hardware. Mas bagay para sa ’yo na i-handle ’yon since mas marami kang alam sa computers.”

“Mommy, ang tanging alam ko lang sa computers ay games at Internet,” kaagad na sagot ni Lance habang naglalagay ng ulam sa kanyang plato.

“At ano’ng plano mong gawin for the rest of your life? Umasa na lang sa akin tulad nitong daddy mo? Paano kung may mangyari na lang sa akin at mawala ako sa mundong ’to, how will you survive?” simula na naman ng litanya ni Mrs. del Gallego.

“Ikaw naman, Sweetheart, walang mangyayari sa ’yo. Don’t think that way,” ani Mr. Juan del Gallego na carbon copy ng panganay.

The father and son were both stunningly handsome with their prominent Spanish mestizo features—brown hair, fair complexion, tantalizing brown eyes, and high patrician noses. Lalaking-lalaki ang guhit ng panga. Parehas din silang matangkad, halos anim na talampakan, at very athletic ang physique. Kung si Lance ay dating tennis player, si Juan naman ay dating polo player.

Na-injure din ito tulad ng anak at binawalan nang mag-engage sa paborito nitong sport. “By the way, nasaan na si Kiara? Why didn’t you bring her?” baling ng ama sa kanya.

“We... we broke up,” may pag-aalangang imporma ni Lance. Umaasa pa siyang magkakabalikan sila.

“Why did you break up?” may panghihinayang na tanong ni Monica.

“Baka natauhan na si Kiara na kapag nagkatuluyan sila nitong kuya mo ay matutulad siya sa akin na bubuhayin ang tamad niyang asawa,” pagpaparinig ni Mrs. del Gallego sa ama ng mga anak. Dahil nag-iisang anak ng mayamang negosyante, ito ang nagmana ng lahat ng mga negosyo at ari-arian ng ama kaya mayroon silang ikinabubuhay ngayon kahit hindi nagtatrabaho si Juan na puro golf at traveling ang inaatupag.

“Ibinibigay ko lang muna sa kanya ang space na kailangan niya. But I’ll win her back,” confident na pahayag ni Lance. “Enough about depressing stuff. Ano ba ang plano mong gawin for your birthday?” tanong niya kay Monica.

“Naaalala mo pala ang birthday ko?” Nahihiwagaan na ito sa mga ikinikilos ng kapatid recently. Although malapit sila, hindi si Lance ang tipo na magkakaroon ng pakialam sa mga ganoong okasyon. Thoughtfulness was not one of

her brother's strongest points, unless he needed something from her.

“Siyempre naman, nag-iisa na nga lang kitang kapatid, hindi ko pa ba maaalala ang birthday mo?” Alam niyang mahilig mag-party si Monica at nagbabakasakali siyang iimbitahan nito si Tisha. “So magpapa-party ka ba?”

“Yes,” sagot ni Monica na nawi-weirduhan na talaga sa ipinakitang interes ng kapatid sa kaarawan nito.

“Saan mo gagawin ang party mo?” tanong muli ni Lance.

“Pumayag na si Mommy na dito ko gawin 'yon sa bahay,” sagot nito.

“Hmm, will you invite your colleagues from the newspaper? Like Tisha maybe?”

Kahit gaano pa magpakakaswal ay nahuli pa rin siya ng kapatid. “Now I know! Kaya ka interesado sa birthday ko ay dahil gusto mong makita si Tisha!”

“Who's Tisha?” curious na tanong ni Mr. del Gallego.

“Si Tisha Arnaldo, 'yung may advice column tungkol sa love and relationships sa newspaper namin,” pag-i-inform ni Monica.

“Oh, yeah, I do read her column. She gives excellent and logical advices. Kung minsan nga naiisip ko nang sumulat sa kanya at humingi ng

advice tungkol sa—”

“No, Mom! Don’t do that please,” biglang nasabi ni Lance na nangangamba na baka matulad sa kanila ni Kiara ang relasyon ng mga magulang at masira pa ang almost thirty years of marriage ng mga ito. “Would Tisha be in your party?” baling niya kay Monica.

“I’m not sure, but I’m inviting her,” tugon ni Monica. “Akala ko ba babalikan mo si Kiara? Bakit mukhang interesadong-interesado ka kay Tisha?”

“Sus! Nagtaka ka pa, alam mo namang may pinagmanahan ’yang kuya mo. Sadyang hindi lang talaga sila makontento sa isang babae,” parinig na naman ni Alicia sa asawa na patuloy pa rin sa pagpapatay-malisya.

“Akala mo naman may pag-asa ka kay Tisha. Si Vice Mayor Ross Martinez ang boyfriend n’on and they’ve been together for three years already.”

Ni hindi natibag ang kumpiyansa ni Lance sa sarili, bagkus ay lalo pa siyang na-challenge.

I can destroy their relationship, just like what she did to Kiara and me!



Chapter Three



“Oh, my God! I can’t believe this! Parang noong isang araw lang pinag-uusapan pa natin ang tungkol sa kasal ninyo and now you’re engaged!” pahayag ni Kat na siyang parating excited sa mga usaping kasalan.

“Kaya nga, eh. Ako rin hindi makapaniwala sa pinatutunguhan ng buhay ko ngayon,” segunda ni Tisha.

Nagsa-shopping sila kasama si Yna nang ibunyag niya ang tungkol sa wedding proposal ni Ross.

“So napag-usapan na ba ninyo ni Ross ang date ng kasal?” tanong ni Yna, halatang masaya rin para sa kanya.

“Hindi pa namin nase-set ’yung date kasi tinitingnan pa ’yung schedule ni Ross, but it’s definitely gonna be before the upcoming elections. He’s planning to run for mayor,” paliwanag niya.

“Hanep! Kapag nagkataon magiging first lady ka ng lugar ni Ross! Bonggang-bongga ka na talaga, girl!” kantiyaw ni Kat.

“Wala na talaga akong mahihiling pa sa buhay ko,” ani Tisha.

Pagdating sa inuuwian ay inasikaso ni Tisha ang

kanyang email. Sa gitna ng numerous messages from her advice-seeking readers ay nakita niya ang imbitasyon ni Monica del Gallego para sa birthday party nito na gaganapin sa *Bel Air Village*. Although hindi sila ganoon ka-close, magaan ang loob niya kay Monica na una niyang nakilala sa isang party ng pinagsusulatan nilang diyaryo. They hit it off right away at sa tuwing magagawi siya sa opisina ng *Philippine Daily Express* ay pinupuntahan niya ito sa puwesto upang kumustahin.

Sinagot niya ang message nito at nangakong pupunta siya sa birthday ng dalaga.



“Pare, handa ka na ba?” tanong ni Lance kay Noel sa telepono. Nagmamaneho siya patungo sa tirahan nito sa *Greenbelt* area. “Hindi ba sabi mo gusto mong makita si Tisha? Heto, may pagkakataon ka na. Nangako raw kay Monica na pupunta sa birthday party niya.”

“Bihis na ’ko. Nasaan ka na ba?”

“Ayala na,” sagot niya. “I’ll be there in ten minutes.”

Samantala, mag-isang nagpunta si Tisha sa party ni Monica, dahil may mahalagang function na dinaluhan ang nobyong si Ross. Pagtuntong niya sa magarang tahanan ng mga del Gallego ay naghanap kaagad siya ng pamilyar na mukha mula sa diyaryong pinagtatrabahuhan, subalit napaaga

yata siya dahil wala pa ang mga ito roon.

“Tisha, as always you look so gorgeous!”
sinserong bati ng may birthday na lumapit kaagad sa kanya sa pintuan.

“You look beautiful, too, Monica,” balik niya sabay abot ng regalo rito. “Happy birthday!”

“Thank you,” grateful nitong sambit.

Matapos magpalitan ng pleasantries ay dinala siya ni Monica at iniwan pansamantala sa bar area. Naroon ang dalawa pang writers sa kanilang diyaryo.

“I was looking for you outside, nandito lang pala kayo,” bati niya sa mga ito habang nakikipagbeso.

“Siyempre, nandito kami kung saan nakapalibot ang mga alak,” sagot ng may pagkaloka-lokang si Steph, isang entertainment writer.

“Actually, kanina pa kami nandito, hinihintay kasi namin ang pagdating ng kuya ni Monica, si Lance!” kinikilig na sabi ni Bambi habang palingalinga sa direksyon ng pintuan.

“Lance? Ah, nakilala ko na siya nang minsan siyang magpunta sa opisina. Monica introduced us,” banggit niya nang maalala ang lalaking nakasabay rin sa elevator noong araw na iyon.

“Hindi ba? Super guwapo! Grabe, naloloka talaga ako sa tuwing nakikita ko siya,” exaggerated na reaksyon ni Steph na nilagok ang natitirang

martini sa baso.

“Well, guwapo nga talaga. But then, I don’t really go for those types, mukhang babaero,” husga na kaagad ni Tisha.

“Sus! Kung ganoon ba naman ang hitsura ng lalaki, babae na ang lalapit lalo na at dati siyang sikat na tennis player!” point out ni Bambi na hindi pa rin namamataan ang binata.

Palibhasa, hindi mahilig sa tennis o sa kung anumang sports ay hindi kilala ni Tisha si Lance del Gallego. “Bakit dating sikat? Retired na ba siya ngayon?”

“Hindi ka ba nanonood ng TV noon o nagbabasa ng diyaryo bukod d’un sa section mo? Malaking balita kaya siya noon sa sporting world, his tennis career was cut short dahil sa injury. Sayang nga kasi nagsisimula na siyang makilala internationally pero binawalan na siya ng mga doctors niya to play,” lahad ni Steph.

Naputol ang kanilang usapan nang kulang na lamang ay mapatili si Bambi nang makitang pumasok sa pintuan si Lance. “Oh my, I think he looks even hotter!” nagtitimping sabi nito.

Eksaktong paglingon ni Tisha ay nagtama ang kanilang paningin ng lalaking kinababaliwan ng dalawang kasama. She could not understand why, but all of a sudden she felt shy. She immediately looked away.

“Ahem, mukhang na-mesmerize yata sa ’yo si Lance, ha. Kitang-kita ko ’yung pagtama ng mga mata ninyo at pagsunod niya ng tingin sa ’yo!” inggit na puna ni Steph.

“May I remind you lang, Tish, may boyfriend ka na at suwerte ka na kay Vice kaya utang na loob ipaubaya mo na sa amin itong si Lance del Gallego,” hiling ni Bambi.

“Para kayong mga timang! Hindi ako katulad ninyo na nagpunta rito para maglaway sa Lance na ’yan, ’no! I’m here for Monica,” klaro niya na medyo ikinapikon ang sinabi ng dalawa. Nagpaalam siyang pupunta sa restroom para umiwas na bago pa may kung anong lumabas sa kanyang mala-machine gun na bibig.



“Sigurado ka ba, Pare, na kaya mong paibigin ’yan na hindi ka rin mahuhulog? Man, she looks like a goddess!” hamon ni Noel. “Lance, sa totoo lang, kung ako ang lalagay sa lugar mo, mabubura nang tuluyan ang galit ko at kahit si Gela magagawa kong kalimutan para diyan kay Miss Beautiful!”

“That’s because mahina ang self-control mo. Don’t be fooled by that perfect face. Mabubura rin ’yang nararamdaman mo the moment na makita mo na ang tunay niyang ugali!” giit ni Lance.

“Kung sabagay, ang kailangan nating gawin ay

wakasan ang ginagawa niyang paninira ng mga relasyon,” sang-ayon ni Noel. “Pero, Pare, napansin ko rin kanina, ha? N’ung magkatinginan kayo para siyang biglang na-conscious at umiwas. Hindi ka pa rin talaga kumukupas, Lance del Gallego!”

“Kaya nga excuse me muna, I’m going to make my move on her now.” Ibinalik niya ang tingin sa bar area.

Imposible namang umalis na kaagad siya, hindi pa halos nagsisimula ang party, isip niya na nakaramdam ng bahagyang pangamba na baka nakaalpas pa ang dalaga.

Ngunit nabuhayan kaagad siya nang makitang palabas ito ng bathroom. Hindi na siya nag-aksaya pa ng panahon at kaagad na lumapit dito.

“Hi! Tisha, right?” casual niyang pagbati rito. “Do you remember me? Lance, Monica’s older brother,” pakilala niya.

“Yeah, I remember,” matipid na sagot ng dalaga.

Talagang hinahamon ako ng babaeng ’to, ha. Tingnan ko lang kung uubra ang pagiging mailap mo sa akin.

“Kumain ka na ba? Wanna check the food?”

Pumayag naman ang kolumnista na magpasama sa kanya sa buffet table. On the way there ay napadaan ang kanyang paningin sa kapatid na tiningnan siya nang masama nang makitang kasama niya si Tisha. Ngunit kinindatanan niya

lamang ito.

“I’ve been reading your column and I must say, you give such intelligent and wonderful advices,” puri niya rito habang pareho silang kumukuha ng pagkain.

“Really? Thanks. Ikaw pa lang yata ang lalaking naka-appreciate ng mga payo na ibinibigay ko. They say kasi na I really come off as a man-hater,” pahayag ng dalaga na nag-warm na rin kay Lance matapos marinig ang sinabi ng huli.

Buti alam mo, para ngang galit na galit ka sa mga lalaki na gusto mo kaming ihawalay sa mga mahal namin! nais sana niyang sabihin ngunit itinikom na lamang ang bibig.

“Makikitid lang ang utak ng mga lalaking hindi maka-appreciate sa ’yo,” sabi pa ni Lance.

“Exactly! Hindi kasi nila maintindihan that I am not against men in general. May certain types of men lang akong inaayawan, ’yung mga babaero, walang direksyon ang buhay, irresponsible, immature...”

Ako ba ang tinutukoy ng babaeng ’to? napipikon niyang isip. But he tried to control himself and kept his mind on the goal of winning her approval. “Kaayaw-ayaw naman talaga ang mga ganoong klase ng lalaki,” saad niya.

“Ikaw ba, Lance, what type of man are you?” tanong nito habang naglalakad sila patungo sa

isang bakanteng lamesa.

Labis na nahirapan si Lance na sagutin iyon kaya naisip niyang ibalik na lamang dito ang katanungan. “Ikaw, Tisha, since you seem to be the expert on men, bakit hindi ikaw ang magsabi kung anong tipo ako ng lalaki?”

“Hmm, honestly, I think you’re the typical spoiled, rich, playboy. Tama ba ako?” deretsahang sagot ng kausap.

Talagang walang mintis ang babaeng ’to! She never backs down kahit kaharap na niya ang kausap niya! obserba ni Lance matapos tamaan na naman ng mga salita nito. “Well, I admit I am that kind of man. Pero kami namang mga lalaki kaya naming magbago lalo na kapag nahanap na namin ang babaeng magbibigay sa amin ng inspirasyon na baguhin ang sarili namin,” simula na pagpapalipad-hangin niya rito.

“Oh, that’s crap! I don’t believe that at all!”

“You don’t believe that a man could change for the woman he loves?”

“I don’t.”

“What if I prove to you that it could happen?”

“At paano mo naman ’yon gagawin?” napataas-kilay nitong tanong kasabay ang ngisi sa mukha.

Being a former athlete, Lance was very competitive. And he saw a perfect competitor in Tisha. “Just you wait and see.”



Pagkauwi sa bahay galing sa party ni Monica, binuksan kaagad ni Tisha ang kanyang laptop dahil naisip niyang i-check ang kanyang email. Ngunit imbis na buksan iyon, natagpuan niya ang sarili na tina-type ang pangalan ni Lance del Gallego sa search engine.

May ilang lumang artikulo na lumabas ukol sa binatang buong gabi niyang nakasama sa party ni Monica.

Although they were most of the time on opposing views in their conversations, still she found him a joy to talk to. Kaya kahit nakarating na sa kanyang tahanan ay hindi pa rin mawala sa kanya ang interes na mas makilala pa ito nang lubusan.

So totoo nga ang sinabi nila Bambi na he's a very promising tennis player seven years ago, may panghihinayang niyang naisip ukol sa bagay na ni minsan ay hindi nabanggit ni Lance sa hinaba-haba ng kanilang pag-uusap.

May second time pa kaya ang pag-uusap namin? Would we ever see each other again?



“Mukhang nag-enjoy si Tisha sa pakikipag-usap sa 'yo kanina, ah. Mukhang kumagat sa mga pambobola mo,” puri ni Noel nang makasakay na sila sa kotse ni Lance pabalik sa kani-kanilang mga

tirahan.

“Ibang klase ang babaeng ’yon. Aaminin ko, nahirapan ako sa kanya. ’Yung iba kasing nakakausap ko noon, konting flattery lang, maniniwala na kaagad, pero itong si Tisha, grabe! Just when you thought na nakuha mo na ang loob niya, bigla na lang siyang may sasabihin bilang pagkontra. Walang preno ang bibig!” lahad ni Lance.

“Paano, ayaw mo na bang ituloy ang plano nating maghiganti sa kanya?”

“Ngayon pa na nag-e-enjoy na ako, ngayon pa ako susuko?” balik niya na nakatuon ang mga mata sa maluwag na ngayong kalsada.

“Nacha-challenge ka talaga sa babaeng ’yon, ’no? Mukhang magiging exciting yata ang revenge nating ito,” ani Noel.

“You bet!”

